# *Ang Pagpapakumbaba sa Panginoon sa Pananalangin*

***"1 At ipinagpatuloy ni Jacob ang kaniyang paglakad, at sinalubong siya ng mga anghel ng Dios. 2 At sinabi ni Jacob nang makita niya sila, Ito'y hukbo ng Dios: at tinawag niya ang pangalan ng dakong yaon na Mahanaim. 3At si Jacob ay nagpasugo sa unahan niya kay Esau, na kaniyang kapatid sa lupain ng Seir, na parang ng Edom. 4 At inutusan niya sila, na sinasabi, Ganito ninyo sabihin sa aking panginoong kay Esau, Ganito ang sabi ng iyong lingkod na si Jacob, Dumoon ako kay Laban at ako'y natira roon hanggang ngayon.. 5 At mayroon akong mga baka, at mga asno, at mga kawan, at mga aliping lalake at babae: at ako'y nagpasugo upang magbigay alam sa aking panginoon, upang makasumpong ng biyaya sa iyong paningin. 6At ang mga sugo ay nagsipagbalik kay Jacob, na nagsipagsabi, Dumating kami sa iyong kapatid na kay Esau, at siya rin naman ay sumasalubong sa iyo, at apat na raang tao ang kasama niya. 7 Nang magkagayo'y natakot na mainam si Jacob at nahapis at kaniyang binahagi ang bayang kasama niya, at ang mga kawan, at ang mga bakahan, at ang mga kamelyo ng dalawang pulutong. 8 At kaniyang sinabi, Kung dumating si Esau sa isang pulutong, at kaniyang saktan, ang pulutong ngang natitira ay tatanan. 9At sinabi ni Jacob, Oh Dios ng aking amang si Abraham, at Dios ng aking amang si Isaac, Oh Panginoon, na nagsabi sa akin, Magbalik ka sa iyong lupain at sa iyong kamaganakan, at gagawan kita ng magaling : 10 Hindi ako marapat sa kababababaan ng lahat ng kaawaan, at ng buong katotohanan na iyong ipinakita sa iyong lingkod: sapagka't dala ko ang aking tungkod, na dinaanan ko ang Jordang ito; at ngayo'y naging dalawang pulutong ako. 11 Iligtas mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo, sa kamay ng aking kapatid, sa kamay ni Esau; sapagka't ako'y natatakot sa kaniya, baka siya'y dumating at ako'y saktan niya, ang ina pati ng mga anak. 12 At ikaw ang nagsabi, Tunay na ikaw ay gagawan ko ng magaling, at gagawin ko ang iyong binhi na parang buhangin sa dagat, na hindi mabibilang dahil sa karamihan." (Genesis 32:1-12 KJV)***

Ang ating tungkulin ay tumawag sa Dios sa panahon ng kaguluhan; gaya ng ating binasa sa ***Genesis 32,*** mayroon tayo rito, si Jacob, ang isang halimbawa sa tuntuning ito, at si Jacob ay nagtagumpay sa paglampas sa kanyang mga kaguluhan, hinihikayat tayong sundan ang kanyang mga halimbawa sa pananalangin. Ito ngayon ay panahon ng kaguluhan ni Jacob. Sa kanyang kapighatian hinanap niya ang Panginoon, at narinig siya ng Panginoon. *Ang panahon ng takot ay dapat maging panahon ng panalangin, anuman ang ikinatatakot natin ay dapat pawiin ng ating tuhod, upang mapasa paanan ng ating Dios.*

***"1 At ipinagpatuloy ni Jacob ang kaniyang paglakad, at sinalubong siya ng mga anghel ng Dios. 2 At sinabi ni Jacob nang makita niya sila, Ito'y hukbo ng Dios: at tinawag niya ang pangalan ng dakong yaon na Mahanaim." (Genesis 32:1-2 KJV)*** Kalaunan napansin ni Jacob ang hukbong ito ng mga anghel, ngunit, sa kanyang kadalamhatian, siya'y nanalangin sa Dios, hindi sa kanila; batid niyang sila'y mga kapwa-lingkod. *Anuman ang ating naunang tagumoay at anuman ang tinanggap nating tulong mula sa Dios sa pamamagitan ng mga anghel at sa pamamagitan ng mga tao, sa ating bagong mga kaguluhan lumapit pa rin tayo sa Dios lamang, at upang ipagsumamo sa Kanya ang ating kaso at ibigay sa Kanya ang ating kasakitan.* Sa Dios, ipinasakop ni Jacob ang kanyang sarili sa lahat ng posibleng kadakilaan. Sa kanyang panalangin sa Dios si Jacob ay tumatakbo para sa kanyang kaligtassan sa pangalan ng Panginooon, bilang isang matibay na moog, ***"Ang pangalan ng Panginoon ay matibay na moog: tinatakbuhan ng matuwid at naliligtas." (Kawikaan 18:10 KJV)*** Sa kanyang panalangin ay mas kapansin-pansin sapagkat napanalunan niya ang karangalan ng pagiging isang Israel, isang lalaking kasama ang Dios, isang manlulupig kasama ng Dios, at ama ng nanalangin na labi, na samakatuwid ay tinawag na binhi ni Jacob.

Ano ang hiindi pangkaraniwang panalanging ito ni Jacob sa Dios, "***ligtas mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo, sa kamay ng aking kapatid, sa kamay ni Esau; sapagka't ako'y natatakot sa kaniya, baka siya'y dumating at ako'y saktan niya, ang ina pati ng mga anak." (Genesis 32:11 KJV)***? Walang ibang tao sa panig ni Jacob upang tulungan siya, ganon pa man naniniwala siya sa kapangyarihan ng Dios na makapagliligtas sa kanya bilang isang kordero mula sa madugong panga ng lion. *Kailangan nating maging makatotohanan sa ating panalangin sa Dios, kailangan nating banggitin ang mga kahirapan na napapaloob sa atin at sa mga taong nagduudulot sa atin ng mga kaguluhan. Kapag ang mga tao ang naglalayon upang maging ating mga tagapagwasak, ito ang ating kaaliwan na tayo ay may isang Ama kung saan tayo ay nanalangin upang iligtas tayo*. Si Jacob ay maaring mapatay ng kanyang sariling kapatid, ngunit siya'y nagtiwala sa Dios, na SIYA ang magliligtas sa KANYA. Ang pagsumamo at paghiyaw na inialay ni Jacob ay makapangyarihan. Inihandog ni Jacob ang kanyang kahilingan nang may malaking pananampalataya, taimtim, at kababaang-loob. Tingnan dito kung paanong siya'y taimtim na nagmakaawa sa Dios nang sabihin niya! "***ligtas mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo," (Genesis 32:11 KJV)*** *Ikaw ba ay taimtim na isinasamo ang iyong kalagayan sa Dios at nagmamaakaawa sa Kanya, kapag ikaw ay nasa kaguluhan?*

Ipinakilala ni Jacob ang kanyang sarili sa Dios bilang Dios ng kanyang mga ninuno, ***"At sinabi ni Jacob, Oh Dios ng aking amang si Abraham, at Dios ng aking amang si Isaac," (Genesis 32:9)*** Ang gayon ay kababaang-loob, itinanggi ang sariling pakiramdam, si Jacob ay mayroon ng kanyang sariling kawalang halaga, na hindi niya tinawag ang Dios, na kanyang Dios, kundi isang Dios sa tipan ng kanyang mga ninuno, ng kanyang mga ama, kay Abraham at Isaac. Ang Salita ng Dios ay nagtuturo sa atin na mayroon tayong tiwala upang lumapit sa Dios at hiniling sa Kanya ang mga bagay ayon sa Kanyang kalooban, ***"At ito ang nasa ating***

***pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya:" (1 John 5:14 KJV)*** *Tunay na mayroon tayong direktang tipan sa Dios sa pamamagitan ni JesuCristong ating Panginoon, ngunit tayo ba ay nagpapakumbabasa harapan ng Dios? Patuloy ba tayong nagmamalaki sa ating pagkamatuwid, o tayo ay nagsisisi at umaasa na tutulungan tayo ng Dios at bibigyan tayo ng mabubuting bagay na kailangan natin, hindi dahil tayo ay mabuti o matuwid, kundi Siya ay matuwid at Siya ay mabuti?*

*Ako'y nanalangin na ang mensahe ay makatulong sa iyo sa pagpapakumbaba ng iyong sarili sa makapangyarihang kamay ng Dios na Siya matataas sa iyo sa tamang panahon.*

Nabanggit ni Jacob ang sumusunod sa Kanyang panalangin sa Dios, ***''Oh Panginoon, na nagsabi sa akin, Magbalik ka sa iyong lupain at sa iyong kamaganakan, at gagawan kita ng magaling:" (Genesis 32:9 KJV)*** Si Jacob ay hindi nagmadaling nilisan ang kanyang pinagtatrabuha kasama si Laban. ni naglakbay pabalik sa kanyang bansa dahil sa kamangmangan, ngunit bilang pagsunod sa utos ng Dios.

*Maari tayong pumaroon kung saan tayo tinatawag ng Dios, at gayunpaman ang ating mga daan ay naabutan ng mga paghihirap. Ngunit kung ilalagay natin ang Dios bilang ating gabay, sa gayon Siya ang magiging bantay. Huwag kailanman gumawa ng hakbang o gumawa ng seryosong pasya nang walang pangunguna ng Dios para gawin ito at/o walang pahintulot o pagpayag niya.*

Si Jacob ay nagpakumababang kinilala ang kanyang kawalang halaga na tanggapin ang anumang lingap mula sa Dios, sinabi ni Jacob sa Dios, ***"10 indi ako marapat sa kababababaan ng lahat ng kaawaan, at ng buong katotohanan na iyong ipinakita sa iyong lingkod: sapagka't dala ko ang aking tungkod, na dinaanan ko ang Jordang ito; at ngayo'y naging dalawang pulutong ako." (Genesis 32:10 KJV)*** Si Jacob nang siya ay nagsumamo sa Dios hindi Niya sinabi sa Dios, na kung anumang mayroon siya ay mula sa kanyang sarili at yaon ay kanyang pinaghirapan sa pamamagitan ng kanyang sarili. Hindi! Hindi kailanman, nagsumamo si Jacob sa Panginoon, ***"Hindi ako marapat sa kababababaan ng lahat ng kaawaan," (Genesis 32:10 KJV)*** *Ang pagtanggi sa sarili at pagpapakababa sa sarili ay mahusay na nagdadala sa atin sa lahat ng ating mga pagkilala sa luklukan ng biyaya; kapag tayo'y nagpakumbaba, itataas Niya tayo sa takdang panahon.*

Ang Senturion ay nagsumamo sa parehong paraan kay Cristo nang humingi siya ng tulong mula kay Cristo upang pagalingin niya ang kanyang alagad, ***"At sumagot ang senturion at sinabi, Panginoon, hindi ako karapat-dapat na ikaw ay pumasok sa ilalim ng aking bubungan; datapuwa't sabihin mo lamang ang salita, at gagaling ang aking alila." (Mateo 8:8 KJV)*** Ang babaing lumapit kay Jesus upang pagalingin ang kanyang anak na babae mula sa Diablo, ***"25 Datapuwa't lumapit siya at siya'y sinamba niya, na nagsasabi, Panginoon, saklolohan mo ako." (Mateo 15:25 KJV) "26 At siya'y sumagot at sinabi, Hindi marapat na kunin ang tinapay sa mga anak at itapon sa mga aso." (Mateo 15:26 KJV)*** At sinabi niya sa Kanya, ***"Datapuwa't sinabi niya, Oo, Panginoon: sapagka't ang mga aso man ay nagsisikain ng mga mumo na nangalalaglag mula sa dulang ng kanilang mga panginoon." (Mateo 15:27 KJV)***

Ngayon pagmasdan natin kung paano nagsumamo si Jacob sa Dios:

***1. Nagsalita si Jacob sa mga awa ng Dios sa Kanya : ''Hindi ako marapat sa kababababaan ng lahat ng kaawaan, at ng buong katotohanan na iyong ipinakita sa iyong lingkod: sapagka't dala ko ang aking tungkod, na dinaanan ko ang Jordang ito; at ngayo'y naging dalawang pulutong ako." (Genesis 32:10 KJV)*** Mayroon tayo dito, *mga kaawaan*, sa pangmaramihan; iyon ay, nakaraang kaawaang ibinigay ayon sa pangako, at karagdagang kaawaan na tiniyak ng pangako. *Naunawaan mo ba, na ang lahat ng mayroon ka sa nakaraan at sa lahat ng ibibigay Niya sa iyo sa hinaharap ay bahagi at ang bunga ng mga kaawaan ng Dios?*

***2. Napakakumbaba ni Jacob na nagsasalita tungkol sa kanyang sarili, na tinatanggihan ang lahat ng pag-iisip tungkol sa kanyang sariling kabutihan: ''Hindi ako marapat sa kababababaan ng lahat ng kaawaan," (Genesis 32:10)*** Si Jacob ay ay isang malaking tao, at, sa maraming ulat at kung paano siya tinatrato nang masama ni Laban ay dapat na iginiit na makipag-usap nang makatarungan sa kanyang mga kabutihan. Ngunit hindi iyon ginawa ni Jacob. Hindi niya gagawin iyon sa harap ng Diyos. Samakatuwid, kailangan nating maunawaan, na ang pinakamaganda at pinakadakila sa mga tao ay lubos na hindi karapat dapat sa pinakamaliit na lingap mula sa Diyos. *Sa mga naghahanda para dakilang mga kaawaan sila ang mga taong nakikita ang kanilang sarili na hindi karapat-. dapat sa lahat ng kaawaan ng Dios. Ngayon kailangan talaga nating magpasya na kailangan talaga natin ipakumbaba ang ating sarili sa makapangyarihang kamay ng Dios upang itaas Niya tayo sa tamang panahon.*

***3. Nagpasalamat si Jacob sa pagkilala sa kabutihan ng Dios sa kanya sa kanyang pagkabihag, gaya ng sinabi niya sa Dios: ": sapagka't dala ko ang aking tungkod, na dinaanan ko ang Jordang ito; at ngayo'y naging dalawang pulutong ako." (Genesis 32:10 KJV)*** Si Jacob ay walang mga gabay, walang kasama, walang tumitingin, walang bagahe para sa paglalakbay, ngunit ang kayang mga kasamahan lamang, at wala ibang nanatili sa kanyang sarili nang umalis siya sa bahay ng kanyang ama. Ngunit ngayon siya ay lubos na pinagpala ng Diyos, ***"at ngayo'y naging dalawang pulutong ako." (Genesis 32:10 KJV)*** Ang sinasabi ni Jacob na siya

ngayon ay napapalibutan ng marami at kumportableng mga anak at alipin na ibinigay ng Dios sa kanya. Inisip ni Jacob sa kanyang kadalamhatian na nagyon ay ob;igado siyang hatiin ang kanyang pamilya sa dalawang pulutong, ngunit nagpapasalamat pa rin siya sa Dios sa ibinigay Niya sa kanya, at ginamit ni Jacob ang mga iyon sa pagdakila sa kaawaan ng Dios sa kanya na nagbigay sa kanya ng gayong paglaki. *Ang paglaki ng ating pamilya at sa ating mga pag-aari ay tunay na komportable sa atin habang ating nakikita ang mga kaawaan ng Dios, at sa kanyang katotohanan dito*

*Kaya nga, Sa mga yaong nasa huling wakas ay lubhang nadagdagan sa anumang paraan, nararapat, na may pagpapakumbaba at pasasalamat sa Diyos, na alalahanin kung gaano kaliit ang kanilang simula at bigyan ng kaluwalhatian ang Diyos sa pagtaas na ibinigay Niya sa kanilang buhay. Sa parehong paraan, huwag nating pagnilayan ngayon ang ating mga problemang pinagdadaanan, kundi tingnan natin ang pagtaas na ipinagkaloob sa atin ng Diyos sa ating buhay.*

***4. Si Jacob ay nagsumamo sa Dios: "Iligtas mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo, sa kamay ng aking kapatid, sa kamay ni Esau; sapagka't ako'y natatakot sa kaniya, baka siya'y dumating at ako'y saktan niya, ang ina pati ng mga anak." (Genesis 32:11 KJV)*** *Huwag mahiya sa pagsasabi sa Dios ng iyong mga takot, sapagkat isasaalang-alang ng Dios ang mga ito*. Ang takot na nagpapasigla kay Jacob na manalangin ay mahalaga at malaki rin. Si Jacob ay hindi natakot sa isang tulisan, kundi sa isang mamamatay-tao; Si Jacob ay ni takot para sa kanyang sariling buhay lamang na nalagay sa panganib, ngunit siya ay natatakot para sa mga ina at ang mga bata na kasama niya. *Kapag tayo'y pinagbantaan, kailangan nating ipahayag ang ating takot at kung ano ang ating pinagdaraanan sa Dios nang detalyado. Ang pagpapahayag sa Dios kung ano ang nasa loob natin at kung ano ang nakikita natin, ang gayong pakikipag-isa sa Dios ay kailangan kaya bilang kapalit pagkatapos nating manalangin ay lalago at bubuo ang ating tiwala at pagtitiwala sa Panginoon.*

***5. Lalo na iginiit ni Jacob ang pangakong ginawa ng Diyos sa kanya: "a nagsabi sa akin, Magbalik ka sa iyong lupain at sa iyong kamaganakan, at gagawan kita ng magaling:" (Genesis 32:9 KJV)*** At muli, sa kahulihan sinabi ni Jacob sa Dios, ***"At ikaw ang nagsabi, Tunay na ikaw ay gagawan ko ng magaling, at gagawin ko ang iyong binhi na parang buhangin sa dagat, na hindi mabibilang dahil sa karamihan." (Genesis 32:12 KJV)***

Ang pinakamahusay na masasabi natin sa Dios sa panalangin ay kung anong sinabi Niya sa atin at kung anong ipinangako NIya sa atin. *Ang mga pangako ng Dios, sila'y mga tiyak na gabay ng ating paghahangad sa panalangin, at at bigyan tayo ng pinakamagagandang kahilingan; samakatwid, ang mga ito ang pinakamatibay na lupain ng ating mga pag-asa, at nagbibigay sa atin ng pinakamainam na pagsamo sa Diyos.* Nagsumamo si Jacob sa Dios sa kung anong ipinangako ng Dios sa kanya na gumawa ng mabuti sa kanya, at nagparami ang kanyang binhi, ***"Tunay na ikaw ay gagawan ko ng magaling, at gagawin ko ang iyong binhi na parang buhangin sa dagat, na hindi mabibilang dahil sa karamihan." (Genesis 32:12 KJV)***

May mga pangakong panalangin na maari nating ipanalangin para sa mga kaawaan sa pamilya lalo na sa ating mga anak gaya ng sumusunod na mga halimbawa:

***A. <u>Ang pangako ng Dios na ibibigay ang mabuting binhi sa tao na natatakot sa Kanya:</u> "1 Purihin ninyo ang Panginoon. Mapalad ang tao na natatakot sa Panginoon, na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos.2 Ang kaniyang binhi ay magiging makapangyarihan sa lupa; ang lahi ng matuwid ay magiging mapalad. (Awit 112:1-2)***
***B. <u>Ang pangako ng Dios na itatag ang mga inapo mga naglilingkod sa Panginoon:</u> Ang kanyang mga anak ay magiging makapangyarihan sa lupain; ang salinglahi mg matuwid ay pagpapalain: Ang mga anak ng iyong mga lingkod ay mangamamalagi, at ang kanilang binhi ay matatatag sa harap mo. (Awit 102: 28)***

*Kaya't kailangan nating mabuhay sa takot sa Panginoon at ang ating buhay ay nakatuwid upang paglingkuran Siya, upang kapag nagsumamo tayo sa Dios at magsumamo para Kanyang awa para sa atin at para sa ating mga anak, didinggin Niya tayo.*

Habang tayo'y nagpapatuloy sa pangyayari sa buhay ni Jacob, mababasa natin iyon sa napakaaga sa umaga, ilang sandal bagi ang umga, si Jacob mula sa kanyang takot , siya'y naghanda ng isang handog para sa kanyang kapatid na si Esau ar tinulungan ang kanyang mga asawa at kanyang mga anak na tumawid sa ilog. ***"13 At siya'y nagparaan doon ng gabing yaon; at kumuha ng mayroon siya na ipagkakaloob kay Esau na kaniyang kapatid; 14 Dalawang daang kambing na babae, at dalawang pung lalaking kambing; dalawang daang tupang babae, at dalawang pung tupang lalake. 15 Tatlong pung kamelyong inahin na pati ng kanilang mga anak; apat na pung baka at sangpung toro, dalawang pung asna at sangpung anak ng mga yaon. 16 At ipinagbibigay sa kamay ng kaniyang mga bataan, bawa't kawan ay bukod; at sinabi sa kaniyang mga bataan, Lumagpas kayo sa unahan ko, at iiwanan ninyo ng isang pagitan ang bawa't kawan. 17 At iniutos sa una, na sinasabi, Pagka ikaw ay nasumpungan ni Esau na aking kapatid, at ikaw ay tinanong na sinasabi, Kanino ka? at saan ka paroroon? at kanino itong nangasa unahan mo. 18 Kung magkagayo'y sasabihin mo, Sa iyong lingkod na kay Jacob; isang kaloob nga, na padala sa aking panginoong kay Esau: at, narito, siya'y nasa hulihan din naman naming. 19 At iniutos din sa ikalawa, at sa ikatlo, at sa lahat ng sumusunod sa mga***

***kawan, na sinasabi, Sa ganitong paraan sasalitain ninyo kay Esau, pagkasumpong ninyo sa kaniya; 20 At sasabihin ninyo, Saka, narito, ang iyong lingkod na si Jacob, ay nasa hulihan namin, sapagka't kaniyang sinabi, Paglulubagin ko ang kaniyang galit sa pamamagitan ng kaloob na sumasaunahan ko, at pagkatapos ay makikita ko ang kaniyang mukha; marahil ay tatanggapin niya ako. (Genesis 32:13-20)*** Pagkatapos itawid sila sa kanilang pupuntahan, ninais niyang mapag-isa, na muling niyang lubos na maipalaganap ang kanyang mga alalahanin at takot sa harap ng Dios sa panalangin. ***"21 Gayon isinaunahan niya ang mga kaloob; at siya'y natira ng gabing yaon sa pulutong. 22 At siya'y bumangon ng gabing yaon, at isinama niya ang kaniyang dalawang asawa, at ang kaniyang dalawang alilang babae, at ang kaniyang labing isang anak at tumawid sa tawiran ng Jaboc. 23 At sila'y kaniyang isinama at itinawid sa batis, at kaniyang itinawid ang kaniyang tinatangkilik. 24 At naiwang magisa si Jacob: at nakipagbuno ang isang lalake sa kaniya, hanggang sa magbukang liwayway. 25 At nang makita nitong siya'y hindi manaig sa kaniya ay hinipo ang kasukasuan ng hita niya; at ang kasukasuan ni Jacob ay sinaktan samantalang nakikipagbuno sa kaniya. 26 At sinabi, Bitawan mo ako, sapagka't nagbubukang liwayway na. At kaniyang sinabi, Hindi kita bibitawan hanggang hindi mo ako mabasbasan. 27 At sinabi niya sa kaniya, Ano ang pangalan mo? At kaniyang sinabi, Jacob. 28 At sinabi niya, Hindi na tatawaging Jacob ang iyong pangalan, kundi Israel; sapagka't ikaw ay nakipagpunyagi sa Dios at sa mga tao, at ikaw ay nanaig. 29 At siya'y tinanong ni Jacob, at sinabi, Ipinamamanhik ko sa iyong sabihin mo sa akin ang iyong pangalan. At kaniyang sinabi, Bakit nagtatanong ka ng aking pangalan? At siya'y binasbasan doon. 30 At tinawag ni Jacob ang pangalan ng dakong yaon na Peniel; sapagka't aniya'y nakita ko ang Dios ng mukhaan, at naligtas ang aking buhay. 31 At sinikatan siya ng araw ng siya'y nagdadaan sa Penuel; at siya'y napipilay sa hita niya. 32 Kaya't hindi kumakain ang mga anak ni Israel ng litid ng balakang na nasa kasukasuan ng hita, hanggang ngayon: sapagka't hinipo ng taong yaon ang kasukasuan ng hita ni Jacob, sa litid ng pigi." (Genesis 32:21-32)***

Sa ating nabasa ay kapansin-pansin na ang salaysay ng pakikipagbuno ni Jacob sa Dios at nanaig ay tinukoy din sa ***Hosea 12:4 "Oo, siya'y nagtaglay ng kapangyarihan sa anghel, at nanaig: siya'y tumangis, at namanhik sa kaniya: nasumpungan niya siya sa Beth-el, at doo'y nakipagsalitaan siya sa atin.*** Ang ibig sabihin dito ng anghel, ay ang Dios. Si Jacob ay nakipagtunggali sa Dios at nanaig Siya; si Jacob ay nanangis at nagmakaawa sa paglinggap ng Dios. Nakita ng Dios si Jacob sa Bethel at kinausap siya doon- sa pagtukoy sa salaysay na ating mababasa sa Genesis 28 10-22 kung paanong si Jacob ay nakatagpo ang Dios. Basahin natin ito upang paalalahanan tayo ng pangyayaring iyon. ***"10 At umalis si Jacob sa Beerseba at napasa dakong Harán. 11 At dumating sa isang dako, at nagparaan ng buong gabi roon, sapagka't lumubog na ang araw; at kumuha ng isa sa mga bato sa dakong yaon, at inilagay sa kaniyang ulunan, at nahiga sa dakong yaon upang matulog. 12 At nanaginip, at narito, ang isang hagdan, na ang puno ay nasa lupa, at ang dulo ay umaabot sa langit; at narito, ang mga anghel ng Dios na nagmamanhik manaog doon. 13 At, narito, ang Panginoon ay nasa kataastaasan niyaon, at nagsabi, Ako ang Panginoon, ang Dios ni Abraham na iyong ama, at ang Dios ni Isaac: ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi; 14 At ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at kakalat ka sa kalunuran, at sa silanganan, at sa hilagaan, at sa timugan at sa iyo at sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa. 15 At, narito't ako'y sumasa iyo, at iingatan kita saan ka man pumaroon, at pababalikin kita sa lupaing ito sapagka't hindi kita iiwan hanggang hindi ko magawa ang sinalita ko sa iyo.16 At nagising si Jacob sa kaniyang panaginip, at nagsabi, Tunay na ang Panginoon ay nasa dakong ito, at hindi ko nalalaman. 17 At siya'y natakot, at kaniyang sinabi, Kakilakilabot na dako ito! ito'y hindi iba kundi bahay ng Dios, at ito ang pintuan ng langit. 18 At si Jacob ay bumangong maaga ng kinaumagahan, at kinuha ang batong kaniyang inilagay sa ulunan niya, at kaniyang itinayo na pinakaalaala, at kaniyang binuhusan ng langis sa ibabaw. 19 At ang ipinangalan niya sa dakong yaon ay Betel: datapuwa't ang pangalan ng bayan nang una ay Luz. 20 At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi, Kung sasaakin ang Dios, at ako'y iingatan sa daang ito na aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain, at damit na maisusuot, 21 Na ano pa't ako'y makabalik na payapa sa bahay ng aking ama, ay ang Panginoon nga ang magiging aking Dios, 22 At ang batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios; at sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo. (Genesis 28:10-22)***

Si Jacob sa Genesis 32 ay taimtim sa pananalangin itinaas ang kanyang sarili upang humawak sa Dios, tingnan kung paanong si Jacob at ang Dios ay nagkasundo, ***"At naiwang magisa si Jacob: at nakipagbuno ang isang lalake sa kaniya, hanggang sa magbukang liwayway." (Genesis 32:24)*** Iyon ay isang labanan, kamay sa kamay, at walang ibang tao sa pagitan nila. Si Jacob ngayon ay puno ng pagalala at takot tungkol sa pagsisiyasat na kanyang inaasahan, sa susunod na araw, sa kanyang kapatid na si Esau, at upang palalaain ang paglilitis. Ang Dios mismo aytila lumabas na laban sa kanya bilang kaaway, na parang gustong salungatin ang pagpasok niya sa lupain ng pangako at upang labanan ang paglampas kasama niya, sa hindi pagpapahintulot sa kanya na sumunod sa kanyang mga asawa at anak na nauna niyang ipinadala. Sinabihan tayo ng propeta sa ***Hosea 12:4 Oo, siya'y nagtaglay ng kapangyarihan sa anghel, at nanaig: siya'y tumangis, at namanhik sa kaniya: nasumpungan niya siya sa Beth-el, at doo'y nakipagsalitaan siya sa atin.*** Sinabihan tayo ni propetang Hosea ng kung paanong si Jacob ay nakipagbuno, siya'y tumangis at namanhik; ang pananalangin at pagtangis ang kanyang sandata. Hindi lamang isang pisikal na pakikipagbuno, kundi isang espirituwal na pakikipagbuno. *Kaya't ang lahat ng espirituwal na mga binhi ni Jacob, na ang panalangin at pagsumamo sa Dios ay patuloy pa ring nakikipagbuno sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya at sa banal na pagnanais na mapalapit sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban at mamuhay para sa Kanya..*

Ano ang tagumpay at ang bunga ng pagkakasundo ng Dios at ni Jacob?

***1. Si Jacob ay pinanatili ang kanyang panig:*** Kahit na ang palkikitunggali ay nagpatuloy ng mahabang panahon, ang Panginoon *ay hindi nanaig laban sa kanya*, **"At nang makita nitong siya'y hindi manaig sa kaniya." (Genesis 32:25)** Ang pakikipagkasundong ito ni Jacob sa Dios ay hindi nakapagpahina ni nayanig ang kanyang pananampalataya, ni nanahimik sa panalangin. Sapagka't si Jacob, hindi sa kanyang pansariling kalakasan nang siya'y nakipagbuno, ni sa pamamagitan ng kanyang pansariling kalakakasan na siya'y nanaig, kundi sa at sa kalakasan na nagmula sa Langit. *Hindi tayo mananaig sa Dios kundi sa Kanyang sariling kalakasan. Ito ay ang Kanyang Espiritu na namamagitan sa atin, at tinutulungan ang ating mga kahinaan*. **"At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita; (Roma 8:26)** *Sa pagtatapos, kailangan nating makipagbuno sa Dios sa pananalangin, ay hindi makakapaghina sa atin kundi makapagpapatibay sa atin.*

***2. Pinilayan ng anghel ang hita ni Jacob, upang ipakita sa kanya ang maari niyang gawin, at iyon ay ang Dios na nakipagbuno sa kanya sapagkat walang taong pipilayan siya sa hita nang paghipo***: *Ang pakikpagbuno ng mga mananampalataya sa panalangin ay magkakamit ng maluwalhating katagumpayan at gayon pa man ay may mga pisikal na kapansanan; sapagka't kapag sila ay mahina, sila'y malalakas; sila'y mahina sa kanilang sarili ngunit malakas kay Cristo.* ***"Kaya nga ako'y nagagalak sa mga kahinaan, sa mga pagkaapi, sa mga pangangailangan, sa mga pagkakausig, sa mga paghihinagpis, dahil kay Cristo: sapagka't pagka ako'y mahina, ako nga'y malakas." (2 Corinto 12:10 KJV)***

***3. Hiniling ng anghel kay Jacob na bitawan siya: "At sinabi, Bitawan mo ako, sapagka't nagbubukang liwayway na." (Genesis 32:26 KJV)*** Ang dahilang ibinigay ng anghel, kung bakit siya ay aalis, dahil sa magbubukang liwayliway, at kaya't hindi niya ikukulong si Jacob, na may gagawin pang pakikipag-usap, isang paglalakbay upang yumaon, pamilyang aalagaan, na lalo na sa mapanganib na yugtong ito, ay tinawag ang kanyang pupuntahan, at hinihiling ang kaniyang pagyaon, at kailangang makasama si Jacob. *Mayroong panahon sa pananalangin, mayroong panahon upang gawing posible natin ang ating ipinalangin. Ang lahat ng bagay ay maganda sa bawat panahon nito; maging sa usapin ng relihiyon, at kaginhawaan ng pakikipagusap sa Dios, dapat minsan magbigay daan sa kailangan ng usapin ng buhay na ito.*

***4. Ipinilit ni Jacob sa kanyang banal na kahilingan sa Dios: "At sinabi, Bitawan mo ako, sapagka't nagbubukang liwayway na. At kaniyang sinabi, Hindi kita bibitawan hanggang hindi mo ako mabasbasan." (Genesis 32:26 KJV)*** Auman ang mangyari sa kanyang pamilya at paglalakbay. Nagpasya si Jacob na gawin ang lahat ng kanyang makakaya ng pagkakataong ito ng pakikipagtagpo sa Dios at huwag mawala ang kapakinabangan ng kanyang tagumpay: hindi niya ibig makipagbuno ng buong gabi sa wala, kundi nagpakumbabang ipinasiya na gagawin niya. magkakaroon siya ng pagpapala, at alinman ang lahat ng kanyang buto ay matanggal sa pagkakadugtong kaysa umalis siya nang walang pagpapala mula sa Dios. *Tandaan, yaong mga nagkamit ng pagpapala ni Cristo, ay dapat nasa taimtim na pananalangin. Ito ay taimitim na panalangin ang mabisang panalangin.*

***5. Binigyan siya ng anghel nang walang hanggang tanda ng karangalan, sa pagpapalit ng kanyang pangalan: "27At sinabi niya sa kaniya, Ano ang pangalan mo? At kaniyang sinabi, Jacob. 28 At sinabi niya, Hindi na tatawaging Jacob ang iyong pangalan, kundi Israel; sapagka't ikaw ay nakipagpunyagi sa Dios at sa mga tao, at ikaw ay nanaig. (Genesis 32:27-28)*** Tunay na si Jacob ay naging prinsipe ng Dios, at sa mga makapangyarihang sa pananalangin ay tunay na totoong pinrangalan. Ngunit hindi ito sa lahat; may kapangyarihan sa Dios, si Jacob ay magkakaroon din ng kapangyarihan sa mga tao. Palibhasa'y nanaig para sa isang pagpapala mula sa langit, nakatiyak siya, walang pagdududa, mananaig, at tatanggap ang lingap mula kay Esau.

*Tandaan, na anuman ang mga kaaway na mayroon tayo, kung magagawa natin, ang Dios ang ating kaibigan, tayo ay mabuti, at makakaya natin, at malalampasan natin silang lahat.*

***6. Pinakawalan ng Dios is Jacob ng pagpapala: "29 At siya'y tinanong ni Jacob, at sinabi, Ipinamamanhik ko sa iyong sabihin mo sa akin ang iyong pangalan. At kaniyang sinabi, Bakit nagtatanong ka ng aking pangalan? At siya'y binasbasan doon. (Genesis 32:26-29 KJV)*** Hinangad ni Jacob na malaman ang pangalan ng anghel, na sana, na ayon sa kanyang kakayahan, gawin sa kanya ang karangalan. Ngunit ang kanyang kahilingan ay itinanggi, na si Jacob ay maaring magmalaki sa kanyang panlulupig, ni magisip na kaya niyang pilitin ang anghel na gawin ang makakapagpasiya sa kanya, Ngunit, sa halip ng pagsasabi ng kanyang pangalan, binigay ng anghel sa kanya ang kanyang basbas, kung saan ang bagay na iyon ang kanyang ipinagbuno. *"Siya'y binasbasan doon."* Sa ganito, inulit at pinagtibay ng Dios ang naunang pagpapala na ibinigay sa kanya. *Kaya itinuro sa atin ngayon ni Jacob ang puntong ito: Isang pagpapalang ipinaglaban niya at isang pagpapalang mayroon siya, samakatuwid hindi kailanman, tayo, ang nanalanging binhi ni Jacob ngayon, ay humingi ng tulong sa Dios sa panalangin nang walng kabuluhan. Tiyak na pagpapalain tayo ng sagana ng Dios.*

***7. Si Jacob ay binigyan ng bagong pangalan sa dakong iyon: "At tinawag ni Jacob ang pangalan ng dakong yaon na Peniel; sapagka't aniya'y nakita ko ang Dios ng mukhaan, at naligtas ang aking buhay." (Genesis 32:30 KJV)*** Dahil doon nakita niya ang mukha ng Dios, at nakamit ang lingap ng Dios. *Pagmasdan, Ang pangalan na ibinigay ni Jacob sa dakong iyon na nakatagpo niya ang Dios, naligtas at nanatili , hindi sa pagpaparangal sa kanyang tagumpay kundi sa malayang biyaya ng Dios.* Hindi sinabi ni Jacob, "Sa dakong ito'y nakipagbuno ako sa Dios, at nanaig;" kundi, "Sa dakong ito nakita ko ang Dios nang mukha sa mukha, at ang aking buhay ay naligtas." *Yaong pjnarangalan ng Dios ay mahiya sa kanilang sarili at mahalin ang mga kaawaan ng Dios at ng kanyang mga biyaya sa kanila. Sa gayon kapah pinarangalan tayo ng Dios,ang higit na ingatan natin ang mga kaawaan ng Dios sa atin at ng Kanyang biyaya sa atin.*

***8. Ang talaang dinala ni Jacob tungkol dito sa kanyang mga buto: "Siya'y pinilayan sa hita niya." (Genesis 32:32 KJV)*** Si Jacob ay nagpatuloy na nanghina hanggang sa kanyang mga araw ng kamatayan; at hindi siya nagreklamo, dahil sa karangalan at kaginhawaan na kanyang natamo sa pakikipagbaka na ito ay saganang sapat upang matumbasan ang pinsala, bagama't siya'y nagtungo sa kanyang libingan. Si Jacob sa kanyang pagkakapilay ay walang dahilan upang tingnan ito bilang kanyang kadustahan kaya taglayin sa kanyang katawan ang mga tanda ng Panginoong Jesus. Si Pablo ay hindi tumingin sa tanda ni Jesus na dinala niya bilang isang kadustahan, ***"Buhat ngayon sinoman ay huwag bumagabag sa akin; sapagka't dala kong nakalimbag sa aking katawan ang mga tanda ni Jesus." (Galatians 6:17)*** Gayunpaman, kung anong pilay na dinanas ni Jacob ay maaring magsilbi, tulad ng tinik sa laman ni Pablo, upang maiwasan siyang mapataas sa kasaganaan ng mga paghahayag, ***"7 At nang ako'y huwag magpalalo ng labis dahil sa kadakilaan ng mga pahayag, ay binigyan ako ng isang tinik sa laman, ng isang sugo ni Satanas, upang ako'y tampalin, nang ako'y huwag magpalalo ng labis. 8 Tungkol dito'y makaitlo akong nanalangin sa Panginoon, upang ilayo ito sa akin. 9 At siya'y nagsabi sa akin, Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Cristo." (2 Corinto 12:7-9)*** Sa ilang pagkakaon idinudulot ng Dios sa atin ang ilang hangganan ng katawan at karamdaman upang magpakumbaba tayo.

***Sa aking mahal at minamahal: "Kaya't hindi kumakain ang mga anak ni Israel ng litid ng balakang na nasa kasukasuan ng hita, hanggang ngayon: sapagka't hinipo ng taong yaon ang kasukasuan ng hita ni Jacob, sa litid ng pigi." (Genesis 32:32)*** Ang kinasihang tradisyunal na kinaugalian na mayroon ang mga inapo ni Jacob, bilang pag-alaala dito, ay hindi kailanman kumain ng litid, o kalamanan na kung saan ang balakang-buto ay nakadikit sa saro nito: sa gayo'y kanilang napanatili ang alaala ng salaysay ito ni Jacob, at ibinigay ang pagkakataon sa kanilang mga anak na magtanong hinggil dito; sa pamamagitan nito ay pinarangalan din ang Dios. *Kaya nga, maging tayo ngayon, sa pag-alala at pag-aaral ng salaysay na ito, ay kinikilala natin ang awa ng Dios, at ang ating mga pananagutan kay JesuCristo, upang mapanatili natin ngayon ang ating pakikipag-isa sa Dios sa panalangin, sa pagpapakumbaba, pag-asa, sa disiplina, at pagibig sa Kanya at sa Kanyang plano at sa Kanyang perpektong kalooban sa ating buhay.*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Panginoon salamat sa iyong Salita sa akin, na tumulong sa akin na mapagtanto ang pagsasagawa ng iyong salita sa isang higit na praktikal na paraan.*

*Ating ipakumbaba ang ating sarili sa makapangyarihang kamay ng Dios.*

*Tayo ay magbigay pasalamat sa Dios para sa lahat ng pagpaparami na ibinigay niya sa atin sa ating buhay.*

*Ating ipagtapat sa Dios ang ating mga pagmamalaki, walang pagpapasalamat, pagmamataas, at ang ating sariling katuwiran.*

*Ating ipagtapat ang ating mga kasalanan sa Dios.*

*Panginoon ipinagtatapat ko ang aking mga kasalanan* ________________________________________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa simulain ng iyong salita na aking binasa sa mensaheng ito. Akin ipinangako ang aking sarili na mabuhay ng buhay ng pananalangin, upang ipakumbaba ang aking sarili sa iyong harapan at ilagay ang aking buhay at sa lahat ng ibinigay mo sa akin sa iyong mga kamay, upang mapangalagaan mo ako at mailigtas ako sa lahat ng aking mga suliranin.*

*Tayo ay umiyak sa Dios at magsumamo sa Kanya upang iligtas tayo mula sa mga banta ng diablo at sa mga maaring gamitin niya laban sa atin.*

*Tayo ay umiyak sa Dios at ipahayag sa Kanya ang mismong banta na nagsasapanganib sa ating buhay.*

*Ako'y humihiyaw sa iyo Panginoon, iligtas ako O Dios mula ______________________________,*

*Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong salita at para sa paglingap na mayroon ako mula sa iyo sa pamamagitan ng panalangin. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mabuhay sa paraan ng buhay na ito, ang buhay ng pananalangin at pangako na lumakad ng may kababaang-loob sa iyong harapan.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na humiyaw sa iyo. Panginoon sagutin ang kanilang mga panalangin at iligtas sila mula sa mga banta at anumang ginagawa ng diablo laban sa kanila. Diablo kami ay lumalaban sa iyo at pinalalayas mula sa buhay ng mga kapatid at simbahan ng Dios sa pamamagita ng dugo ni Jesus at sa pangalan ni Jesus.*

*Panginoon protektahan ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na humiyaw sa iyo. Panginoon puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at tulungan sila at pangunahan sila na mag-evangelio at abutin ang naliligaw. Panginoon gawin ang kanilang buhay na patotoo sa iba upang dalhin ang iba kay Cristo.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na magpatuloy sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon hayaan ang iyong Salita para sa amin ngayon sa mensaheng ito'y magpabago sa amin, at gawin kaming mabuting halimbawa para sa iba upang sundan. Panginoon bigyan-daan kaming mag-evangelio at abutin ang bagong mga tao ng Evangelio ni JesuCristo at ng Salita ng Dios. Panginoon kami'y nanalangin na bigyang-daan kami na magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ang Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com